Tagalog

ながのけんインフォメーション（タガログ語版）

# IMPORMASYON MULA SA NAGANO PREFECTURE

Septyembre 2022 Blg.71

Citizens and Cultural Affairs Dept.
International Community Support and Passport Office
T E L : 026-235-7173
Email : tabunka@pref.nagano.lg.jp

Konsultasyon

## Unang Konsultasyon sa Abogado Tatanggapin nang Libre

Umpisa sa Setyembre 1 (Huwebes), ang mga residenteng banyaga na nakatira sa Nagano Prefecture ay maaari nang kumunsulta nang walang bayad sa unang konsultasyon sa abogado. Ang sistemang ito ay napagkasunduan ng Nagano Prefecture at Asosasyon ng mga Abogado sa Nagano Prefecture.

### Sakop ng Serbisyo

Mga residenteng banyaga na nakatira sa loob ng Nagano Prefecture

- Walang nasyonalidad bilang isang Hapones
- May nasyonalidad bilang isang Hapones ngunit hindi naman nakakaunawa ng Nihongo at nangangailangan ng interpreter

### Detalye ng Serbisyo

Implementasyon ng libreng konsultasyon sa unang beses ng pagkunsulta sa abogado



### Tanggapan ng Konsultasyon

Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center
Tumawag sa numero sa ibaba kung nais kumunsulta.
**026－219－3068 / 080－4454－1899**

### Mga Dapat Tandaan

・Magsasagawa ng interbyu sa pagpapatala para sa impormasyon na kailangan ng abogado.
・Maaaring may singil ang pangalawa at mga susunod na konsultasyon.

Konsultasyon

## Walang Bayad na Konsultasyon

Ang Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center ay nagkokondukta ng walang bayad na konsultasyon para sa mga residenteng banyaga. Maaaring kumunsulta sa Abogado (kailangan ng appointment), Gyōsei Shoshi (Administrative Scrivener), at Shihō Shoshi (Judicial Scrivener).

Walang bayad

| Lugar | Petsa/Araw | Oras | Venue |
|---|---|---|---|
| Komoro | Oktubre 4 (Martes) | 10:00～15:00 | Komoro City Hall 2F |
| Ina | Oktubre 11 (Martes) | 10:00～15:00 | Ina City Hall 1F |
| Shiojiri | Oktubre 20 (Huwebes) | 10:00～15:00 | Hoken Fukushi Center 3F Shimin Kōryu Shitsu |
| Saku | Nobyembre 1 (Martes) | 10:00～15:00 | Saku City Hall 8F |
| Chikuma | Nobyembre 5 (Sabado) | 10:00～15:00 | Chikuma City Hall 3F |

※Posibleng mabago ang venue. Tingnan ang website ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center.

COVID-19

# Tanggapan ng Rehistro ng may Magaang Kaso ng COVID-19 para sa may Mababang Edad

## 1 Aplikasyon sa online para sa Ipinapamahaging Antigen Test Kit

Ang Nagano Prefecture ay namamahagi ng Antigen Test Kit para sa mga taong nakasaad sa ibaba. Ang aplikasyon para sa pagtanggap ng test kit ay sa pamamagitan ng online.

### Sino-sino ang mga Sakop

Dapat na nakatira sa Nagano Prefecture, kasalukuyang nararamdaman ang lahat ng sintomas at napapabilang sa kondisyon sa ibaba ngunit nagpasyang manatili sa bahay upang magpagaling

① Nasa edad na 20～49 sa panahon ng pag-apply
② May lagnat, ubo, pananakit ng lalamunan, at sintomas na hinalang dala ng COVID-19
③ Tumanggap ng 2$^{nd}$ dose at booster dose
④ Walang karamdaman na posibleng lumalâ kapag nahawaan ng COVID-19
⑤ Hindi nagdadalang-tao
⑥ Ang lahat ng miyembro ng sambahayan ay hindi obligadong magbayad ng buwis sa paninirahan.



### Mga Paalala

Aabutin ng 1-2 araw ang pagdating ng test kit mula sa araw ng aplikasyon

- Hindi maaaring ipagbili o ipamigay sa iba ang tinanggap na test kit
- Ang aplikasyon para sa test kit ay isang beses lang para sa isang tao
- Isang kit lang ang maaaring hilingin sa panahon ng pag-apply

### Paraan ng Aplikasyon

Mag-apply gamit ang QR Code na nasa kanan. (Nihongo)
Ang pagtanggap ng aplikasyon ay mula 8:00 hanggang 12:00 ng tanghali.

Mag-apply mula rito (Nihongo)

## 2 Para sa taong gumamit ng test kit na positibo ang resulta

Para sa gumamit ng test kit na nag-positibo ang resulta, kailangang magsumite ng aplikasyon sa Health Center gamit ang QR Code na nasa ibaba. Batay sa isinumiteng impormasyon, ipapasya ng doktor kung positibo at pagkatapos ay ipapaalam ito sa Health Center.

### Sino-sino ang mga Sakop

Ang mga napapabilang sa ①-⑤ sa listahan ng mga sakop na nasa itaas “1 Aplikasyon sa online para sa Ipinamamahaging Antigen Test Kit”.

### Paraan ng Pag-apply

Magpatala sa online mula sa QR Code na nasa ibaba.

Nakatira sa Nagano City

Nakatira sa Matsumoto City

Maliban sa nakatira sa Nagano at Matsumoto City

**Tingnan ang homepage ng Nagano Prefecture para sa impormasyon tungkol sa tanggapan ng rehistro ng may magaang kaso ng Covid-19 para sa may mababang edad.**

Ang「Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center」ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. (Walang bayad)
026-219-3068 / 080-4454-1899 Homepage : https://www.naganoken-tabunka-center.jp/